Mensahe Tatlo

# Isang Lupain ng Trigo at Sebada

Babasahin sa Kasulatan: Deut. 8:8a; Juan 11:25; 12:24-25;
1 Cor. 15:20; Efe. 1:20

**I. Ang trigo sa Deuteronomio 8:8a ay sumasagisag sa nagkatawang tao, naipako sa krus, at nailibing na Kristo—Juan 12:24:**

A. Sa Kanyang ganap na ministeryo sa yugto ng Kanyang pagkakatawang tao, dinala ni Kristo ang walang hanggang Diyos tungo sa may hangganang tao—1:1, 14:

1. Bilang isang may hangganang tao, si Kristo na nasa laman ay nalimitahan ng panahon at lugar—7:6, 10:
    a. Ang Panginoon ay ang walang hanggan, walang hangganan, di-nalilimitahang Diyos, subalit namuhay Siya rito sa lupa bilang isang tao, nalilimitahan sa bagay ng panahon—b. 6.
    b. Bagama't ang Panginoon ay ang makapangyarihang Diyos, bilang isang taong nasa ilalim ng pag-uusig, Siya ay nalimitahan kaugnay sa Kanyang aktibidad—b. 10.
2. Bilang isang may hangganang tao, si Kristo na nasa laman ay limitado sa kaalaman—Mat. 24:36; Luc. 2:40, 52; cf. Juan 7:15; Marc. 6:1-3.
3. Bilang isang may hangganang tao, si Kristo na nasa laman ay mayroong natural, pantaong buhay at isang dumedependeng pag-iral—Juan 10:11, 15, 17; 6:57a; Mat. 14:19.

B. Ang pagkatao ni Kristo sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang tao ay naging isang balat na nagkubli ng Kanyang pagkadibino at bilang resulta ay nagkubli ng Kanyang kaluwalhatian—Juan 1:14; 12:23-24; Luc. 12:50:

1. Dahil ang kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino ay naitago ng balat ng Kanyang pagkatao, ang Panginoong Hesus ay nagipit at napigilan, umaasam na mabautismuhan ng bautismo ng Kanyang kamatayan para sa pagpapalaya ng kaluwalhatian ng Kanyang pagkadibino—b. 50.
2. Kinailangan ng Panginoon na dumaan sa pisikal na kamatayan upang ang Kanyang di-nalilimitahan at walang hangganang pagkadibino kalakip ang Kanyang dibinong buhay ay mapalaya mula sa Kanyang laman.
3. Ang Panginoong Hesus ay nahulog sa lupa at namatay, at pinalaya Siya ng kamatayang iyon mula sa Kanyang pantaong balat—Juan 12:24:
    a. Siya ay nahulog sa lupa at namatay nang sa gayon ang Kanyang dibinong elemento, ang Kanyang dibinong buhay, ay mapalaya mula sa loob ng balat ng Kanyang pagkatao.
    b. Iwinala ng Panginoong Hesus, bilang isang butil ng trigo na nahulog sa lupa, ang Kanyang pangkaluluwang buhay sa pamamagitan ng kamatayan upang mapalaya ang Kanyang dibinong buhay.

C. Sa gitna ng mga sitwasyon na naglilimita sa atin at gumigipit sa atin, maaari nating maranasan si Kristo bilang butil ng trigo—b. 24:
   1. Sa tuwing inilalagay tayo sa isang sitwasyon ng pagkasoberano ng Panginoon kung saan tayo ay nalilimitahan, kung saan tayo ay nagigipit, maaari nating maranasan ang Panginoon bilang trigo—Roma 8:28.
   2. Kapag kinakaugnay natin ang Panginoon sa ating naglilimita at pumipigil na mga sirkumstansiya, matatanto natin na Siya ang walang hangganang Diyos na naging isang may hangganang tao at na mayroong kapangyarihan sa loob Niya upang magpasan ng anumang uri ng limitasyon—Fil. 4:13.
   3. Si Kristo na ating buhay ay nasa loob natin bilang butil ng trigo upang mamuhay ng buhay ng nagkatawang taong Isa, ang nalilimitahang Isa—Co. 1:27; 3:4.
   4. Kung kakaugnayin natin ang Panginoon, mararanasan natin Siya bilang butil ng trigo, at sa loob Niya ay masisiyahan tayo sa ating sitwasyon—Fil. 4:11-12.
   5. Bilang trigo, si Kristo ay ating buhay upang gawin tayong laan na maging limitado, laang mamatay, laang mailibing, laang maging walang anuman; ito ang karanasan kay Kristo bilang trigo—Juan 12:24-25.

**II. Samantalang ang trigo ay sumasagisag sa nagkatawang tao, naipako sa krus, nailibing na Kristo, ang sebada ay sumasagisag sa nabuhay na muling Kristo—Deut. 8:8a:**

A. Sa mabuting lupain, ang sebada ay nahihinog nang mas maaga kaysa sa anumang iba pang butil; kaya, ito ang unang bunga—1 Cor. 15:20:
   1. Dahil maagang nahihinog ang sebada, ito ang unang bunga ng ani—isang sagisag ng nabuhay na muli at hindi nalilimitahang Kristo—b. 20.
   2. Tayo ay nagagalak na malaman na si Kristo ay ang sebada, ang nabuhay na muling Kristo sa loob natin, at na may kakayahan Siyang tugunan ang bawat sitwasyon.
   3. Si Kristo bilang unang bunga ng pagkabuhay ng muli ay ang Panganay mula sa mga patay upang Siya ay maging Ulo ng Katawan (Col. 1:18; Efe. 1:20-23); yamang Siya, ang Ulo ng Katawan, ay nabuhay na muli na, tayo, ang Katawan, ay mabubuhay na muli rin.
   4. Bilang unang bunga, si Kristo ay naging tinapay ng buhay; kaya, ang mga tinapay na sebada ay sumasagisag kay Kristo sa pagkabuhay na muli bilang pagkain sa atin—Juan 4:6:48:
      a. Ang bilang na lima ay sumasagisag sa responsabilidad; ipinahihiwatig nito na ang nabuhay na muling Kristo ay may kakayahang magpasan ng responsabilidad.
      b. Habang kinakain natin si Kristo bilang mga tinapay na sebada, tayo ay nagiging tinapay na sebada upang pakainin ang iba ng Kristo na ating naranasan.

5. Sa pamamagitan ng limang tinapay na sebada, napakain ng Panginoong Hesus ang limang libong tao nang may labindalawang bakol ng mga labis na pira-piraso; ito ang pagkabuhay na muli—Mat. 14:14-21; Juan 6:9, 13.

B. Gaya ng isinasagisag ng sebada, ang nabuhay na muling Kristo ay di-nalilimitahan—Fil. 4:13:
   1. Ang trigo ay tumutukoy sa pagkakatawang tao, kamatayan, at paglilibing ni Kristo, at kasunod nito, ang sebada ay tumutukoy sa Kanyang pagkabuhay na muli, ang nabuhay na muling Kristo—Juan 11:25; Efe. 1:20.
   2. Sa isang panig, maaari nating maranasan ang nalimitahang Hesus na isinasagisag ng trigo; sa kabilang panig, maaari nating maranasan ang di-nalilimitahang Kristo na isinasagisag ng sebada—Juan 12:24; 6:9, 13:
      a. Sa Kanyang pagkakatawang tao, si Hesus ay lubusang nalimitahan, ngunit sa Kanyang pagkabuhay na muli, Siya ay di-nalilimitahan—Luc. 12:49-50; 24:5-6, 26, 34, 46.
      b. Samantalang ang trigo ay ang lambak ng kamatayan, ang sebada ay ang bundok ng pagkabuhay na muli.
   3. Upang maranasan ang trigo, ang nalilimitahang Hesus, kailangan nating iaplay ang sebada, ang di-nalilimitahang Kristo; sumusunod tayo sa nalilimitahang Hesus sa kapangyarihan ng nabuhay na muling Kristo—Heb. 13:12-13.
   4. Magagawa natin ang lahat ng bagay sa loob ng Isa na nagbibigay-kapangyarihan sa atin dahil Siya ang nabuhay na muli at di-nalilimitahang Kristo—Fil. 4:13.
   5. Sa tuwing nararanasan natin si Kristo bilang trigo, nakatitiyak tayo na susunod ang isang karanasan kay Kristo bilang sebada—Deut. 8:8a.
   6. Sa katunayan, upang maranasan si Kristo bilang butil ng trigo, ang nalilimitahang Hesus, kailangan natin Siyang iaplay bilang sebada, ang nabuhay na muling Kristo—Juan 12:24-25.
   7. Sa ating sarili ay hindi natin kayang tugunan ang ating mga pangangailangan, subalit ang isang tinapay na sebada na nasa loob natin, ang isang bahagi ng di-nalilimitahang Kristo, ay tumutugon sa bawat pangangailangan at maaari pang magbunga ng labis—11:25.
   8. Ang nabuhay na muling Kristo ay ang tinapay na sebada; walang makahahadlang o makapaglilimita sa Kanya.
   9. Kung tatandaan natin na si Kristo ay sebada sa loob natin, kapag pumupunta tayo sa isang pagpupulong, maiaaplay natin Siya bilang sebada upang pakainin ang iba sa pamamagitan ng ating panalangin o ating patotoo.

*© 2023 Living Stream Ministry*